

# Malalimang Pagtalakay sa Dalawang Pangunahing Lápit sa Pagtatása sa Sigla ng mga Wika sa Pilipinas<sup>1</sup>

**NOAH CRUZ**

ncruz@up.edu.ph

Unibersidad ng Pilipinas Diliman

## **ABSTRAK**

Kakambal nang maituturing ng diskurso tungkol sa pagiging multilingguwal ng Pilipinas ang usapin ng panganganib ng mga wika sa bansa. Paulit-ulit na maririnig na batay sa mga sensus pangwika (e.g., Eberhard et al.; Headland), parami na nang parami ang mga nanganganib na katutubong wika sa bansa at ang iba ay nása bingit na nang tuluyang pagkawala. Ang ganitong mga pagtatáya ay walang-pag-aalinlangang tinatanggap ng marami, at tíla nakakalimutan nang busisiin ang sistemang sinunod upang maabot ang mga pagtatáyang ito. Layunin ng kasalukuyang pananaliksik na siyasatin ang dalawang lápit na pinakamalimit na ginagamit sa pagtatása sa sigla ng mga wika sa bansa, i.e., Language Vitality and Endangerment (LVE) ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) at Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) nina Gary Simons at Paul Lewis. Sa papel na ito ay ipinakita ang isang malalimang pagbalangkas sa kabuuang sistema ng dalawang lápit--pagbalangkas na makatutulong sa pagpapakahulugan sa mga datos na lumalabas hinggil sa estado ng mga wika sa Pilipinas at sa pag-unawa sa kung paano nahuhubog ang diskurso ng panganganib pangwika (language endangerment) sa bansa. Bukod dito, inilahad din sa pananaliksik ang ilang kritikal na suri tungkol sa iba't ibang aspekto ng LVE at EGIDS. Mithiin ng papel na magsilbing gabay sa pagtitimbang sa kaangkupan ng mga lápit sa konteksto ng mga wika sa Pilipinas, na sa hinaharap ay inaasahan namang makatutulong sa pagbuo ng sistemang ganap na makagagap sa natatanging sitwasyon ng mga wika, diyalekto, at komunidad pangwika (speech community) sa bansa.

**Mga Susing Salita:** pagtatása sa sigla ng wika, panganganib pangwika, mga wika sa Pilipinas, multilingguwalismo, sosyolingwistiks

---

<sup>1</sup> Ang papel na ito ay bahagi ng ininusulat na masteradong tesis ng may-akda, na naisakatuparan sa tulong ng OVCRD Thesis and Dissertation Grants. Lubos ang pasasalamat ng may-akda kay Kaw. Prop. Jesus Federico Hernandez na nagsilbing tagapayo sa isinagawang pananaliksik at sa mga referee na nakatulong sa pagpapaunlad sa nilalaman ng papel.

## ABSTRACT

Language endangerment can be considered an issue inseparable from the discourse about the Philippines being a multilingual country. It can be heard repeatedly that based on linguistic censuses (e.g., Eberhard et al.; Headland), more and more of the country's native languages are getting endangered, and others are on the verge of complete disappearance. Such projections are accepted unquestioningly by many, and it seems that the systems followed to arrive at these forecasts have been forgotten to be scrutinized. The present study aims to investigate the two approaches most commonly used to assess the vitality of languages in the country, i.e., UNESCO's Language Vitality and Endangerment (LVE) and Gary F. Simons and M. Paul Lewis' Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS). In this paper, an in-depth discussion of the entire systems of the two approaches is presented--a discussion that can help in interpreting the data being released regarding the state of languages in the Philippines and in understanding how the discourse of language endangerment in the country is being shaped. Moreover, the research presented some critical analysis of different aspects of LVE and EGIDS. The paper strives to serve as a guide in weighing the appropriateness of approaches in the context of Philippine languages, which in the future is expected to contribute to developing a system that can fully address the unique conditions of languages, dialects, and speech communities in the country.

**Keywords:** language vitality assessment, linguistic endangerment, Philippine languages, multilingualism, sociolinguistics



## 1. PANIMULA

M apapansin sa mga kasalukuyang pagdidiskurso tungkol sa sitwasyong pangwika sa Pilipinas ang hitik na paggamit sa mga terminong panganganib pangwika at nanganganib na wika. Hindi na maiaalis ang mga terminong ito sa namamayaning naratibo tungkol sa multilinggwalismo sa Pilipinas gawa na ang mga salitang ito ang nakagagagap sa mapait na realidad na siyang ating kinahaharap. Sa kabila nito, nakapagtatakan ang mga pagtatayang inilalabas hinggil sa estado ng mga wika sa bansa--konserbatibo man ang mga datos o hindi--ay walang-pagdadalawang-isisip na tinatanggap ng marami bilang ganap na katotohanan. Sa ganang ito, nilalayon ng kasalukuyang pananaliksik na pasimulan ang pagkukuwestiyon sa mga umiiral na palagay at idea tungkol sa panganganib ng mga wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng paghihimay at paglalahad ng kritikal na ebalwasyon sa dalawang lapit na maituturing nang mga

institusyon sa pagtatása sa sigla ng mga wika: ang Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO at ang Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) nina Gary F. Simons at M. Paul Lewis.

Hindi lámang ang pagiging kilalá at gamít ng LVE at EGIDS sa konteksto ng Pilipinas ang dahilan kung bakit piniling tutukan ang mga ito sa papel. Nakaangkala rin ang pagpili sa mga ito sa dahilang ang LVE at EGIDS ay pawang nilikha upang matása ang sigla ng hindi lámang isang espisipikong wika o grupo ng mga wika kundi maging ng lahat ng mga wika sa daigdig.

Sa susunod na mga seksiyon ay makikita ang malalimang pagtalakay sa LVE at EGIDS. May tatlong pangunahing tuon ang nasabing pagtalakay. Ang una ay ang paglalahad at pagsiyasat sa mga batayang ideang tinutuntungan ng dalawang lápit. Ang ikalawa naman ay ang paghahanay sa kabuuang prosesong sinusunod sa bawat lápit. Samantala, ang ikatlong tuon ay ang pag-alam sa mga kainaman at kahinaan ng LVE at EGIDS.

## 2. ANG LANGUAGE VITALITY AND ENDANGERMENT (LVE)

**B**ahagi ng ulat ng binuong Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages ng UNESCO ang isang set ng mga salik na nakaaapekto umano sa sigla ng mga wika sa daigdig. Siyam na salik ang tinukoy ng grupo: (i) intergenerational na pagpapása ng wika; (ii) kabuuang bilang ng mga nagsasalita; (iii) dami ng mga nagsasalita sa kabuuang populasyon ng komunidad; (iv) mga pagbabago sa kasalukuyang mga domeyn ng wika; (v) pagtugon sa mga bagong domeyn at media; (vi) mga materyales para sa pagtuturo ng wika; (vii) mga pananaw at patakarang pangwika ng pamahalaan at iba pang institusyon; (viii) mga pananaw ng mga miyembro ng komunidad tungkol sa kanilang sariling wika; at (ix) dami at kalidad ng dokumentasyon. Lakip ng bawat salik--maliban sa ikalawang salik--ang isang rubrik upang matukoy kung ano ang sitwasyon ng komunidad pangwika (speech community). Ang set ng mga salik na ito ay tinatawag na Language Vitality and Endagerment (LVE) at nakilala rin bilang Nine Factors.

### 2.1. ANG SIYAM NA SALIK SA LVE

#### 2.1.1. Unang Salik

Ang pinakaunang salik na inilahad ng UNESCO ay ang intergenerational na pagpapasa ng wika, na maituturing na pinakakaraniwang salik na tinitingnan ng mga nagsasaliksik tungkol sa sigla at panganganib ng wika. Nakabatay ito sa payak na palagay na kung ang isang wika ay patuloy na naipapása, masasabing matatag ang wika. Mayroong anim na posibleng grado para sa isang wika batay sa pagpapása nito sa iba't ibang henerasyon. Ang gradong 5 (Safe) ay nangangahulugang ang wika ay sinasalita pa rin ng lahat ng henerasyon, samantalang ang pinakamababang gradong 0 (Extinct) ay nangangahulugan namang ang wika ay hindi na sinasalita o naalala ng anumang henerasyon, Sa Talahanayan 1 ay makikita ang rubrik na binuo para matukoy ang estado ng isang wika batay sa nabanggit na salik.

Degree of Endangerment	Grade	Speaker Population
Safe	5	<i>The language is used by all ages, from children up.</i>
Unsafe	4	<i>The language is used by some children in all domains; it is used by all children in limited domains.</i>
Definitively Endangered	3	<i>The language is used mostly by the parental generation and up.</i>
Severely Endangered	2	<i>The language is used mostly by the grandparental generation and up.</i>
Critically Endangered	1	<i>The language is used mostly by very few speakers, of great-grandparental generation.</i>
Extinct	0	<i>There exists no speaker.</i>

**Talahanayan 1.** Eskala para sa unang salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

### 2.1.2. Ikalawang Salik

Ang ikalawang salik naman ay tungkol sa kabuuang bilang ng mga nagsasalita ng wika. Walang rubrik na binuo upang ipakita ang iba't ibang antas ng panganganib ayon sa kabuuang bilang ng mga nagsasalita; gayunman, ipinaliwanag ng UNESCO na ang isang maliit na komunidad pangwika ay palaging nalalapit sa panganib. Ang isang komunidad na may maliit na populasyon ay mas madaling mauubos sakali mang magkaroon ng pagkalat ng sakit, digmaan, o delubyo kompara sa isang komunidad na may malaking populasyon.

### 2.1.3. Ikatlong Salik

Kaugnay pa rin ng bilang ng mga nagsasalita, ang ikatlong salik na naitala ng UNESCO ay may kinalaman sa dami ng mga nagsasalita sa kabuuang populasyon ng isang pangkat. May anim na antas ang rubrik na binuo ng UNESCO para sa salik na ito (makikita sa Talahanayan 2). Ang gradong 5 (Safe) ay ibibigay kung ang wika ay sinasalita ng buong populasyon ng komunidad. Sa kabilang dako, ang pinakamababang gradong 0 (Extinct) ay para naman sa mga wikang hindi na sinasalita.

Degree of Endangerment	Grade	Proportion of Speakers Within the Total Reference Population
Safe	5	<i>All speak the language.</i>
Unsafe	4	<i>Nearly all speak the language.</i>
Definitively Endangered	3	<i>A majority speak the language.</i>
Severely Endangered	2	<i>A minority speak the language.</i>
Critically Endangered	1	<i>Very few speak the language.</i>
Extinct	0	<i>None speak the language.</i>

**Talahanayan 2.** Eskala para sa ikatlong salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

### 2.1.4. Ikaapat na Salik

Ang ikaapat na salik namang tinukoy ng UNESCO ay ang mga pagbabago sa kasalukuyang mga domeyn na pinaggagamitan ng wika. Direkta umangon nakaapekto ang konteksto (i.e., lunan, tagapakinig, paksa) kung saan ginagamit ang isang wika sa kung maipapasa ba ito o hindi sa mga susunod na henerasyon. May anim na posibleng grado para sa aspektong ito (makikita sa Talahanayan 3). Ang pinakamataas na gradong 5 (Universal Use) ay ibinibigay kung ang wika ay ginagamit ng isang etnolingguwistikong pangkat bilang wika ng interaksyon, pagkakakilanlan, pag-iisip, pagkamalikhain, at paglilibang at ang wika ay aktibong ginagamit sa lahat ng mga domeyn ng diskurso at para sa lahat ng dahilan. Sa kabilang banda, ang gradong 0 (Extinct) ay para sa mga wikang hindi ginagamit sa anumang lugar at panahon.

Degree of Endangerment	Grade	Domains and Functions
Universal Use	5	<i>The language is used in all domains and for all functions.</i>
Multilingual Parity	4	<i>Two or more languages may be used in most social domains and for most functions.</i>
Dwindling Domains	3	<i>The language is in home domains and for many functions, but the dominant language begins to penetrate even home domains.</i>
Limited or Formal Domains	2	<i>The language is used in limited social domains and for several functions.</i>
Highly Limited Domains	1	<i>The language is used only in very restricted domains and for very few functions.</i>
Extinct	0	<i>The language is not used in any domain and for any function.</i>

**Talahanayan 3.** Eskala para sa ikaapat na salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

Bagama't naglahad ng eskala ang UNESCO upang mailarawan ang iba't ibang antas ng paggamit ng wika, kinikilala nilang maraming mga multilingguwal na lugar sa daigdig. Kung kayâ, mahalaga umanong tandaan na hindi kinakailangang maging monolingguwal ang isang komunidad para maging masigla ang kanilang wika. Ang importanteng suriin sa mga pagkakataong ito ay kung ang katutubong wika ay may makabuluhang papel sa mga domeyn na mahalaga sa kultura ng komunidad.

**2.1.5. Ikalimang Salik**

Ang pagtugon sa mga bagong domeyn at media ang ikalimang salik. Mahalaga umano sa pagpapanatili ng sigla ng isang wika na makasabay ito sa mga pagbabagong nangyayari sa lipunan, tulad ng pagkakaroon ng mga bagong paaralan, trabaho/hanapbuhay, o media. Kung ang komunidad ay hindi makasabay sa mga pagbabagong ito, mataas ang posibilidad na mawalan ng halaga ang wika.

Gaya ng sa mga naunang salik, may anim na gradong posibleng ibigay sa isang wika batay sa pagtugon nito sa mga bagong domeyn. Ibinibigay ang pinakamataas na gradong 5 (Dynamic) sa mga wikang ginagamit sa lahat ng mga bagong domeyn, samantalang ang pinakamababang gradong 0 (Inactive) ay para sa mga wikang hindi ginagamit sa anumang bagong domeyn. Makikita sa Talahanayan 4 ang buong eskala.

Bukod sa pagbibigay ng eskala para sa nabanggit na salik, ipinaliwanag din kung paano masasabing bago ang isang domeyn dahil magkakaiba ang kontekstong kinalalagyan ng mga wika sa daigdig. Ang halimbawang binanggit ng UNESCO ay may kaugnayan sa paggamit ng isang wika sa media. Ang isa umanong nanganganib na wikang ginagamit sa broadcast media (e.g., radyo at telebisyon) ay maaaring makakuha lámang ng gradong 2 (Coping) o 3 (Receptive) kung limitado lámang ang oras kung kailan ginagamit ang wika sa nabanggit na domeyn.

Degree of Endangerment	Grade	New Domains and Media Accepted by the Endangered Language
Dynamic	5	<i>The language is used in all new domains.</i>
Robust/Active	4	<i>The language is used in most new domains.</i>

Receptive	3	<i>The language is used in many domains.</i>
Coping	2	<i>The language is used in some new domains.</i>
Minimal	1	<i>The language is used only in a few new domains.</i>
Inactive	0	<i>The language is not used in any new domains.</i>

**Talahanayan 4.** Eskala para sa ikalimang salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE ng UNESCO

**2.1.6. Ikaanim na Salik**

Nakatuon ang ikaanim na salik sa pagkakaroon ng oportunidad para magamit ang wika sa edukasyon at literasi. Sa salik na ito, pangunahing sinusuri kung ang wika ay may ortograpiya at kung may mga nakasulat na materyales na magagamit sa pagtuturo at pag-aaral ng at gamit ang wikang ito.

Para sa salik na ito, ang pinakamataas na gradong 5 ay ibinibigay sa mga wikang may ortograpiya, tradisyon ng literasi na may grammar, diksyonaryo, teksto, panitikan, at pang-araw-araw na media, at kung ang pagsusulat sa wika ay ginagamit sa pamamahala at edukasyon. Ang pinakamababang grado na 0 ay para naman sa mga komunidad na walang ortograpiya.

Grade	Accessibility of Written Materials
5	<i>There is an established orthography, literacy tradition with grammars, dictionaries, texts, literature, and everyday media. Writing in the language is used in administration and education.</i>
4	<i>Written materials exist, and at school, children are developing literacy in the language. Writing in the language is not used in administration.</i>
3	<i>Written materials exist and children may be exposed to the written form at school. Literacy is not promoted through print media.</i>
2	<i>Written materials exist, but they may only be useful for some members of the community; and for others, they may have a symbolic significance. Literacy education in the language is not a part of the school curriculum.</i>
1	<i>A practical orthography is known to the community and some materials are being written.</i>
0	<i>No orthography available to the community.</i>

**Talahanayan 5.** Eskala para sa ikaanim na salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

### 2.1.7. Ikapitong Salik

Ang ikapitong salik ay ang mga pananaw at patakaran pangwika ng pamahalaan at iba pang institusyon. Para sa salik na ito, mahalagang masuri kung may mga ipinatutupad na patakaran na makatutulong sa pagpapanatili ng paggamit sa wika. Kung ang lahat ng wika sa isang bansa ay itinuturing bilang yaman at pinoprotektahan ng mga batas at kung isinusulong ng pamahalaan ang pagpapanatili sa sigla ng wika sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakaran, ang sinusuring wika ay maaaring makatanggap ng gradong 5. Sa kabilang dulo naman ng eskala ay ang pinakamababang grado na 0, na para naman sa mga “minority” na wikang ipinagbabawal gamitin sa anumang domeyn. Matutunghayan sa Talahanayan 6 ang eskala para sa salik na ito.

Degree of Support	Grade	Official Attitudes toward Language
Equal Support	5	<i>All languages are protected.</i>
Differentiated Support	4	<i>Minority languages are protected primarily as the language of the private domains. The use of the language is prestigious.</i>
Passive Assimilation	3	<i>No explicit policy exists for minority languages; the dominant language prevails in the public domain.</i>
Active Assimilation	2	<i>Government encourages assimilation to the dominant language. There is no protection for minority languages.</i>
Forced Assimilation	1	<i>The dominant language is the sole official language, while non-dominant languages are neither recognized nor protected.</i>
Prohibition	0	<i>Minority languages are prohibited.</i>

**Talahanayan 6.** Eskala para sa ikapitong salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

### 2.1.8. Ikawalong Salik

Ang ikawalong salik ay tungkol sa pananaw ng mga miyembro ng komunidad tungkol sa kanilang sariling wika. Gaya ng makikita sa Talahanayan 7, kung ang lahat ng mga miyembro ng komunidad ay pinahahalagahan ang kanilang wika at ninanais na makita itong maisulong, ang wika ay maaaring bigyan ng gradong 5. Samantala, kung walang sinuman sa komunidad ang nag-aalala kung mawawala ang wika at kung mas pinipili ng lahat ang gumamit ng mas dominanteng wika, ang wika ay nasa gradong 0.

Grade	Community Attitudes towards the Language
5	<i>All members value their language and wish to see it promoted.</i>
4	<i>Most members support language maintenance.</i>
3	<i>Many members support language maintenance; others are indifferent or may even support language loss.</i>
2	<i>Some members support language maintenance; others are indifferent or may even support language loss.</i>
1	<i>Only a few members support language maintenance; others are indifferent or may even support language loss.</i>
0	<i>No one cares if the language is lost; all prefer to use a dominant language.</i>

**Talahanayan 7.** Eskala para sa ikawalong salik sa Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

**2.1.9. Ikasiyam na Salik**

Ang pinakahuling salik sa listahan ay ang dami at kalidad ng dokumentasyon. Nanggagaling ang pagtukoy sa salik na ito sa idea na ang dami at kalidad ng dokumentasyong mayroon ang isang wika ay nagsisilbing gabay sa pagtatáya kung gaano kasidhi ang pangangailangan para sa agarawang pagsasagawa ng dokumentasyon tungkol sa wika. Partikular na dapat tutukan ang mga nakasulat na teksto, gaya ng aktuwal na talâ, nakasalin, at may anotasyong rekording ng mga natural na usapan.

Sa binuong eskala para sa salik na ito, na makikita sa Talahanayan 8, ang pinakamataas na gradong 5 (Superlative) ay ibinibigay sa mga wikang (i) may komprehensibong gramat at diksyonaryo, ekstensibong teksto, at nagpapatúloy na daloy ng mga materyales para sa wika at (ii) maraming mga anotadong audio at video recording na may mataas na kalidad. Ang pinakamababang gradong 0 (Undocumented) naman ay para sa mga wikang walang anumang materyales.

Nature of Documentation	Grade	Language Documentation
Superlative	5	<i>There are comprehensive grammars and dictionaries, extensive texts; constant flow of language materials. Abundant annotated high-quality audio and video recordings exist.</i>
Good	4	<i>There are one good grammar and a number of adequate grammars, dictionaries, texts, literature, and occasionally updated everyday media; adequate annotated high-quality audio and video recordings.</i>
Fair	3	<i>There may be an adequate grammar or sufficient amount of grammars, dictionaries, and texts, but no everyday media; audio and video recordings may exist in varying quality or degree of annotation.</i>



Fragmentary	2	<i>There are some grammatical sketches, wordlists, and texts useful for limited linguistic research but with inadequate coverage. Audio and video recordings may exist in varying quality, with or without any annotation.</i>
Inadequate	1	<i>Only a few grammatical sketches, short wordlists, and fragmentary texts. Audio and video recordings do not exist, are of unusable quality, or are completely un-annotated.</i>
Undocumented	0	<i>No material exists.</i>

**Talahaayan 8.** Eskala para sa ikasiyam na salik sa  
Language Vitality and Endangerment (LVE) ng UNESCO

## 2.2. ANG LVE SA PAGLIPAS NG PANAHOON

Nang sumapit ang 2006 ay inilathala ng UNESCO ang “UNESCO Survey: Linguistic Vitality and Diversity.” Ang pangunahing layunin sa pagkabuo ng survey na ito ay ang magamit sa pagkaloketa ng mga datos para sa binubuong *Atlas of the World’s Languages in Danger of Disappearing*, *Digital Atlas of the World’s Languages in Danger of Disappearing*, at *Indicator on the Status and Trends of Linguistic Diversity and Numbers of Speakers of Indigenous Languages* ng UNESCO. Ang survey ay kinakailangang sagutan ng isang mananaliksik ayon sa kanyang kaalaman sa sitwasyon ng wika at ng mga nagsasalita nito. Maaaring pangkatín sa tatlo ang nilalaman ng survey: (i) impormasyon tungkol sa wika, (ii) sigla at panganganib ng wika sa loob ng komunidad, at (iii) pagkakaiba-iba ng mga wikang ginagamit.

Walong taon naman matapos unang inilabas ang LVE, nagsagawa ang UNESCO ng inisyatiba upang suriin ang kaangkupan ng LVE sa pagtatása sa estado ng mga wika sa daigdig. Kaugnay ng inisyatibang ito ay inilabas ang isang ulat na nagsusuma sa samot-saring palagay at komentaryong inilahad ng iba’t ibang mananaliksik tungkol sa LVE. Batay sa mga nakalap na komentaryo, isa sa mga kapuri-puring aspekto ng LVE ay ang kakayanan nitong magsilbing gabay upang matukoy ang iba’t ibang salik na nakaaapekto sa sigla ng isang wika at kung ano-anong mga hakbang ang kinakailangang gawin ng mga nakapangyayaring puwersa. Sa kabiláng banda, isa sa pinakamalalaking puna sa modelo ay ang paglalarawang ibinigay sa bawat antas ng panganganib; kinakailangan umano ng mas malinaw at tuwirang paglalarawan para sa bawat antas.

Bukod sa mga palagay at komentaryo sa LVE, mababása rin sa inilathalang ulat ng UNESCO noong 2011 ang ilang aktuwal na pagtatása kung saan ginamit ang modelo. Makikita sa mga pagtatásang ito ang ilang rebisyong ginawa upang maging angkop ang LVE sa pag-aanalisa sa mga espesipikong danas ng ilang komunidad pangwika. Halimbawa, para sa isinagawang National Indigenous Languages Survey (NILS) ng Australian Institute of Aboriginal and Torres Strait Islander Studies (AIATSIS) noong 2004, sa halip na gamitin ang mga notional na henerasyon (e.g., children, parents, grandparents) ay piniling gamitin ang mga aktuwal na saklaw ng edad (i.e., 0-19, 20-39, 40-59, at 60+). Ayon sa ginawang ulat tungkol sa NILS, ang paggamit ng mga notional na henerasyon ay dapat lámang gamítin kung mahirap ang pagtukoy sa mga saklaw ng edad.

Hindi lámang ang paggamit ng mga aktuwal na saklaw ng edad ang inobasyong ginawa sa NILS. Sa siyam na salik na ikinokonsidera sa LVE ay idinagdag ang pansampung salik: ang estado ng mga programang pangwika. Gaya ng sa karamihan ng mga salik na tinukoy ng UNESCO, nilakipan din ang pansampung salik ng isang eskala. Makikita ang eskalang ito sa Talahaayan 9.

	Grade	Status of Language Programs
Successful	5	<i>A regular and successful program is running involving &gt;5 per cent language identifiers.</i>
Good	4	<i>A program is running with two out of three of the following: regularly; successfully; &gt;5 per cent language identifiers.</i>
Fair	3	<i>A program is running with one out of three of the following: regularly; successfully; &gt;5 per cent language identifiers.</i>
Basic	2	<i>A program is running involving a small group (&lt;5 per cent of identifiers) irregularly and with few or no outcomes.</i>
Aspiring	1	<i>No language programs but a group are talking of starting one.</i>
None	0	<i>No language program and no interest in starting one.</i>

**Talahanayan 9.** Eskala para sa idinagdag na pansampung salik para sa National Indigenous Languages Survey (NILS)

Noong 2009 ay ginamit din ng Institute of Ethnology and Anthropology (IEA) ng Chinese Academy of Social Sciences (CASS) ang siyam na salik sa LVE upang matása ang sigla ng mga minoryang wika sa China. Upang matamang masuri ang natatanging sosyolingguwistikong sitwasyon sa China, nagdagdag ang IEA ng tatlong salik. Idinagdag na pansampung salik ang distribusyon sa loob ng komunidad pangwika, panlabing-isa ang antas ng internal na baryasyon ng wika, at panlabindalawa ang distribusyon ng mga wika sa transnasyonal na antas. Gamit ang labindalawang salik, nagawang maikategorya ang mahigit isandaang wika sa China ayon sa sumusunod na klasipikasyon: (i) mga wikang dinamiko; (ii) mga matatag o aktibong wika; (iii) mga wikang may katamtamang sigla at nagpapakita ng ilang senyales ng panganganib; (iv) mga wikang nása panganib ang sigla o tiyak na nanganganib; (v) mga wikang may mababang antas ng kasiglahan o lubos na nanganganib; at (vi) hindi aktibo o kritikal nang nanganganib o patay nang wika.

### 3. ANG EXPANDED GRADED INTERGENERATIONAL DISRUPTION SCALE (EGIDS)

Sa pangalan pa lámang na Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) ay makukuha na agad ang idea na ito ay pagpapalawak ng isang naunang lápit. Mula sa simulain ni Joshua Fishman sa Graded Intergenerational Disruption Scale (GIDS) ay binuo nina M. Paul Lewis at Gary F. Simons noong 2010 ang EGIDS. Layunin nina Lewis at Simons sa pagbuo ng EGIDS na matugunan ang mga napuna nilang kakulangan sa modelo ni Fishman. Apat na pangunahing aspekto ng GIDS ang pinuna nina Lewis at Simon. Una, inilalarawan umano ng GIDS ang antas ng pagkaantala o pagtigil sa pagpapása ng wika sa pamamagitan ng mga terminong hindi nagpapakita ng direksiyon ng nangyayaring pagbabago sa paggamit sa wika. Ikalawa, hindi umano ganap na naipapakita ng GIDS ang lahat ng posibleng maging estado ng isang wika. May mga wikang hindi lámang ginagamit sa pambansang antas kundi maging sa pandaigdigang din, kung kaya't maituturing ang mga itong lagpas sa antas na 1 ng GIDS. Sa kabiláng dáko, may mga wika namang hindi maipapasok kahit sa pinakamababang antas ng GIDS sapagkat ganap nang walang natitirang nagsasalita ang mga ito o hindi kayâ ay hindi na gaanong ginagamit at nanatili na lámang na pamanang wika. Ikatlo, bagama't

kinikilala ni Fishman ang malaking papel ng iba't ibang institusyon (e.g., pamahalaan at tahanan) sa pagpapanatili ng paggamit ng wika, sa pananaw nina Lewis at Simons ay hindi malinaw na naipapakita sa GIDS ang gampanin ng mga institusyong ito. At huli, sinasabi nina Lewis at Simons na kinakailangang gawing mas detalyado ang pagkategorya sa antas ng sigla o panganganib ng wika nang sa gayon ay malinaw na mailarawan ang mga panlipunang salik na kinakailangang matugunan sa anumang kaso. Makikita sa Talahanayan 10 ang buod ng GIDS.

Level	Description
1	<i>The language is used in education, work, mass media, government at the nationwide level</i>
2	<i>The language is used for local and regional mass media and governmental services</i>
3	<i>The language is used for local and regional work by both insiders and outsiders</i>
4	<i>Literacy in the language is transmitted through education</i>
5	<i>The language is used orally by all generations and is effectively used in written form throughout the community</i>
6	<i>The language is used orally by all generations and is being learned by children as their first language</i>
7	<i>The child-bearing generation knows the language well enough to use it with their elders but is not transmitting it to their children</i>
8	<i>The only remaining speakers of the language are members of the grandparent generation</i>

#### Talahanayan 10. Graded Intergenerational Disruption Scale ni Joshua Fishman

Mapapansin sa EGIDS na pinanatili nina Lewis at Simons ang dalawang pangunahing tuon ng GIDS: (i) ang pagtingin sa mga domeyn kung saan ginagamit ang wika at (ii) kung nagkakaroon ng pagkaantala o paghinto sa pagpapása ng wika. Bukod dito, ginamit din nila ang mahahalagang aspekto ng GIDS tulad ng paggamit ng numerikal na representasyon upang ipakita ang antas ng sigla o panganganib ng isang wika at ang paglalakip ng deskripsiyon para sa bawat numerikal na representasyon. Gayunman, hindi tulad ng GIDS na mayroon lámang walong antas, ang EGIDS ay mayroong antas na mula 0 hanggang 10. Tatlong bagong antas ang idinagdag. Ang antas na 0 ay idinagdag upang sumaklaw sa mga wikang ginagamit sa internasyonal na antas. Ang antas na 9 (Dormant) naman ay kumakatawan sa mga wikang nagsisilbing paalala ng pamanang pagkakakilanlan ng isang pangkat etniko. Sa antas na ito, walang sinumang nagsasalitadagapagsalita ng wika ang may kasanayang higit sa simbolikong papel ng wika. Samantala, ang 10 (Extinct) ay para sa mga wikang hindi na sinasalita at walang sinumang nag-uugnay ng kanyang etnikong pagkakakilanlan sa wikang ito kahit na para sa mga simbolikong kadahilanan.

Bukod sa pagdaragdag ng mga antas na 0, 9, at 10, hinati rin nina Lewis at Simons sa dalawa ang mga antas na 6 at 8. Ang 6a (Vigorous) ay tumutukoy sa wikang ginagamit nang pasalita ng lahat ng henerasyon at natutuhan ng mga bata bilang kanilang unang wika, samantalang ang 6b (Threatened) ay para sa mga wikang ginagamit nang pasalita ng lahat ng henerasyon ngunit ilan lámang sa henerasyong may anak ang nagpapása nito sa kanilang mga anak. Hinati naman ang antas na 8 sa 8a (Moribund) na para sa mga wikang ang natitirang aktibong nagsasalita ay ang henerasyon

na lámang ng mga lolo at lola at 8b (Nearly Extinct) na para sa mga wikang ang nalalabi na lámang na mga nagsasalita ay mga miyembro ng henerasyon ng mga lolo at lola o mas matanda pa, na may iilang oportunidad na lámang para magamit ang wika. Ang paghahating ito sa mga antas na 6 at 8 ang siyang nakitang solusyon nina Lewis at Simons sa napuna nilang pangangailangang maipakita ang direksiyon ng pagbabago ng paggamit ng wika.

Bagama't sa pangalan ay masasabing ang EGIDS ay nakatuon lámang sa GIDS at sa pagpapalawig nito, malaki rin ang naging impluwensiya sa EGIDS ng LVE ng UNESCO at ng mga naunang kategoryang ginagamit ng website na Ethnologue bago pa nito simulang gamitin ang EGIDS. Gawa nga nito ay itinuturing nina Lewis at Simons ang EGIDS bílang “harmonization” ng tatlong modelo. Ang impluwensiya ng modelo ng UNESCO at Ethnologue ay mababakas sa kung paano ikinategorya at binigyan ng katawagan nina Lewis at Simons ang bawat antas sa kasiglahan ng wika.

Level	Label	Description
0	International	<i>The language is used internationally for a broad range of functions.</i>
1	National	<i>The language is used in education, work, mass media, government at the nationwide level.</i>
2	Regional	<i>The language is used for local and regional mass media and governmental services.</i>
3	Trade	<i>The language is used for local and regional work by both insiders and outsiders.</i>
4	Educational	<i>Literacy in the language is being transmitted through a system of public education.</i>
5	Written	<i>The language is used orally by all generations and is effectively used in written form in parts of the community.</i>
6a	Vigorous	<i>The language is used orally by all generations and is being learned by children as their first language.</i>
6b	Threatened	<i>The language is used orally by all generations but only some of the child-bearing generation are transmitting it to their children.</i>
7	Shifting	<i>The child-bearing generation knows the language well enough to use it among themselves but none are transmitting it to their children</i>
8a	Moribund	<i>The only remaining active speakers of the language are members of the grandparent generation.</i>
8b	Nearly Extinct	<i>The only remaining speakers of the language are members of the grandparent generation or older who have little opportunity to use the language.</i>
9	Dormant	<i>The language serves as a reminder of heritage identity for an ethnic community. No one has more than symbolic proficiency.</i>
10	Extinct	<i>No one retains a sense of ethnic identity associated with the language, even for symbolic purposes.</i>

**Talahanayan II.** Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale nina M. Paul Lewis at Gary F. Simons

### 3.1. Ang Pagtatása sa Sigla ng Wika Gámit ang EGIDS

Upang matása ang sigla ng isang wika gámit ang EGIDS, limang susing tanong ang kinakailangang masagot. Ang unang tanong ay may kinalaman sa papel at gámit ng wika sa komunidad: *What is the current identity function of the language?* Sa tanong na ito, apat ang posibleng sagot:

- (i) Pangkasaysayan (Historical) - Ang wika ay wala nang natitiráng nagsasalita at walang komunidad ang nagtuturing sa wika bilang kanilang wika ng pagkakakilanlan. Gayundin, wala nang anumang itinakdang gamit sa wika ang anumang pangkat. Sa ganitong mga kadahilanan, ang wika ay maituturing nang nasa antas na 10 (Extinct) ng EGIDS.
- (ii) Pampamana (Heritage) - Wala nang natitirang L1 na nagsasalita ang wika, ngunit maaaring may sumisibol na mga L2 na nagsasalita.<sup>2</sup> Maaari ding ang wika ay ginagamit lámang sa mga simboliko o seremonyal na pagkakataon. Kung ganito ang sitwasyon, ang wika ay nása antas na 9 (Dormant).
- (iii) Pantahanan (Home) - Ang wika ay ginagamit ng ilan sa pang-araw-araw na pasalitang komunikasyon sa domeyn ng tahanan. Sa kasong ito, mahalaga ang direksiyon ng pagpapalit o pagpapanatili ng paggamit ng wika upang matukoy ang antas sa EGIDS na kinabibilangan ng wika, kung kaya't mahalagang sagutin ang ikatlong susing tanong.
- (iv) Lingua Franca (Vehicular) - Ginamit ang terminong *vehicular* upang tumukoy sa lawak ng paggamit sa wika para sa komunikasyon ng mga táong magkakaiba ang unang wika. Kung ang isang wika ay inilalarawan bilang isang lingua franca, nangangahulugan itong ang wika ay ginagamit bilang

L2 ng ilan bukod sa paggamit dito ng komunidad ng mga nagsasalitang ang wikang ito ang L1. Nangangahulugan din itong ang wika ay may papel bilang pagkakakilanlan ng komunidad hindi lámang sa loob ng mga karatig o malalapit na komunidad. Kapag ang pinili ang lingua franca bilang tugon sa unang tanong, kinakailangang sagutin ang ikalawang susing tanong upang matukoy ang eksaktong antas ng wika sa EGIDS.

May kaugnayan naman sa opisyal na paggamit ng wika ang ikalawang tanong: *What is the level of official use?* Ang tanong na ito ay makatutulong upang matukoy kung ano ang espesipikong antas ng isang wika sa EGIDS kung ito ay nagsisilbing lingua franca. May apat na posibleng sagot sa ikalawang tanong:

- (i) Internasyonal (International) - Kung ang wika ay ginagamit sa pandaigdigang antas bilang wika ng negosyo, edukasyon, at iba pang mga aktibidad na may kinalaman sa pangmalawakang komunikasyon, pasók ang wika sa antas na 0 (International) ng EGIDS.
- (ii) Nasyonal (National) - Ang wika ay kinikilala bilang opisyal o de facto na wika sa antas ng bansa (nation-state) at ginagamit para sa pamahalaan, edukasyon, negosyo, at para sa iba pang pangangailangang pangkomunikasyon. Ang mga wikang may ganitong katangian ay nabibilang sa antas na 1 (National).
- (iii) Rehiyonal (Regional) - Ang wika ay opisyal na kinikilala sa antas sub-nasyonal para sa paggamit sa pamahalaan, edukasyon, negosyo, at iba pang mga domeyn. Ang ganitong uri naman ng wika ay nasa antas na 2 (Regional).
- (iv) Hindi Opisyal (Not Official) - Hindi opisyal na kinikilala ang wika, ngunit ito ay ginagamit hindi lámang sa panloob na interaksyon ng lokal na komunidad. Maaaring ang wika ay ginagamit sa

<sup>2</sup> Ang L1 ay tumutukoy sa unang wikang natutuhan ng isang tao, samantalang ang L2 ay para naman sa mga wikang natutuhan ng isang tao bukod sa kanyang L1. Gayunman, hámon sa kinamihansang depinisyon ng ito ang realidad sa mga lunang multilingguwal kung saan ang mga indibidwal ay maaaring matuto ng dalawang wika nang sabay. Ilan sa mga pagtalakay sa salimuot ng usapin ng pagkatuto ng wika sa multilingguwal na konteksto ay mababása sa akda ni Cenoz noong 2000 at ni Hammarberg noong 2014.

negosyo/kalakalan, lipunan, at iba pang gawaing pangkomunikasyon. Pasók ang ganitong uri ng wika sa antas na 3 (Trade).

Kung ang tugon sa unang tanong ay Pantahanan (Home), ang ikatlong susing tanong ay: *Are all parents transmitting the language to their children?* Dalawa lámang ang posibleng sagot dito:

- (i) Oo - Ang intergenerational na pagpapása ng wika ay ganap, laganap, at nagpapatúloy. Kung ito ang piniling sagot, kailangan pang sagutin ang susunod na tanong upang matukoy kung ang komunidad ay nása antas na 4, 5, o 6a.
- (ii) Hindi - Naaantala o nahihinto ang pagpapása ng wika bilang L1. Nagpapahiwatig ang tugon na ito na nagsisimula na o posibleng nása malalang antas na ang pagpapalit ng wika ng komunidad. Upang malaman kung ang wika ay nása antas na 6b, 7, 8a, o 8b, kailangang sagutin ang ikalimang tanong.

Kung ang tugon sa ikatlong susing tanong ay “Oo”, kailangang sagutin ang ikaapat na tanong na may kaugnayan sa literasi: *What is the literacy status?* May tatlong posibleng sagot dito:

- (i) Institusyonal (Institutional) - Nakakamit ang literasi sa pamamagitan ng isang sistema ng edukasyon na sinusuportahan ng isang sustenibleng institusyon, Ang tipikal na halimbawa nito ay ang sistema ng pampublikong edukasyon, ngunit maaari din namang magbigay ng edukasyon sa literasi ang iba pang mga institusyong nakabase sa komunidad (e.g., simbahan). Kung ganito ang kaso, ang wika ay nabibilang sa antas na 4 (Educational).
- (ii) Nagsisimula (Incipient) - Naipakilala na sa komunidad ang literasi sa wika ngunit hindi pa nakakamit ng karamihan sa mga miyembro ng komunidad ang literasi sa pamamagitan ng matatatag na institusyong na may akses ang

publiko. Ang mga wikang may ganitong katangian ay nása antas na 5 ng EGIDS (Written).


- (iii) Wala (None) - Maaaring maliit na bahagi lámang ng populasyon ang may literasi sa wika o hindi kayâ ay walang organisadong paraan upang magkaroon ng kakayahang may kaugnayan sa literasi ang mga miyembro ng komunidad. Maaari ding ang mga letradong miyembro ng komunidad ay nakapagbabása o nakapagsusulat lámang sa L2. Walang anumang institusyon na sumusuporta sa pagkakaroon ng literasi sa lokal na wika o kung mayroon mang ganoong mga institusyon, hindi pa ito nagkakaroon ng malaking epekto sa komunidad. Ang ganitong kalagayan ay pasok sa antas na 6a (Vigorous).

Ang hulíng tanong ay nauugnay muli sa pagpapása ng wika sa mga susunod na henerasyon: *What is the youngest generation of proficient speakers?* Mahalaga umanong aspekto sa tanong na ito ang kahulugan ng terminong *proficient speakers*. Ang maituturing umanong *proficient speaker* ay yaóng gumagamit sa wika para sa buong talakayan o interaksyon sa iba’t ibang konteksto. Mahalaga ang tanong na ito upang matukoy kung nasaang antas na ang kasidhian ng nangyayaring pagpapalit ng wika sa isang komunidad. Apat na posibleng henerasyon ang ibingay nina Lewis at Simons:

- (i) Mga Nuno sa Tuhod (Great Grandparents) - Kung ang pinakabatang nagsasalita na lámang ng wika ay ang henerasyon ng mga ninuno sa tuhod, malalang-malala na ang nangyayaring pagpapalit ng wika sa komunidad. Ang wikang may ganitong sitwasyon ay nasa antas na 8b (Nearly Extinct).
- (ii) Mga Nuno (Grandparents) - Kung ang pinakabatang nagsasalitatagapagsalita ng wika ay ang henerasyon ng mga nuno o mga lolo at lola, masasabing malala na ang pagpapalit ng wika sa komunidad. Ang ganitong uri ng wika ay maikakategorya sa antas na 8a (Moribund) ng EGIDS.

- (iii) Mga Magulang (Parents) - Ang pinakabatang nagsasalita ng wika ay kabílang sa henerasyon ng mga magulang o ng mga nása edad na para magkaroon ng anak. Sa yugtong ito, nagsimula na at malinaw nang mapapansin ang ang pagpapalit ng wika sa komunidad. Ang wika ay nása antas na 7 (Shifting) ng EGIDS.
- (iv) Mga Bata (Children) - Ang pinakabatang nagsasalita ng wika ay mga bata; gayunman, maaaring nagsisimula na ang pagpapalit ng wika. Ang ganitong uri ng wika ay nása antas na 6b (Threatened) ng EGIDS.

Ang buod ng sistema para sa pagsagot ng mga susing tanong para sa EGIDS ay makikita sa Dayagram 1.



Dayagram 1. Diagnostic Decision Tree para sa Paggamit ng EGIDS mula kina Lewis at Simons

## 4. ILANG KRITIKAL NA TALÂ SA LVE AT EGIDS

Lumabas sa isinagawang paghahanay sa kabuuang balangkas na sinusunod sa ilalim ng LVE at EGIDS ang iba't ibang kainaman ng mga ito bilang mga lápit sa pagtatása sa sigla ng mga wika. Gayunman, sa kaparehong paraan ay may mapupunang mga suliranin at kakulangan sa dalawang lápit--mga suliranin at kakulangang maituturing na nakahahadlang upang matamang masuri ang estado ng isang wika, lalo na sa konteksto ng Pilipinas.

### 4.1. Mga Kainaman ng LVE at EGIDS

Malinaw na mapapansin na ang ibinibigay ng LVE ay isang pagtingin sa sigla at panganganib ng isang wika mula sa iba't ibang salik at punto de bista. Sa pamamagitan ng pagtitimbang sa iba't ibang salik ay naipauunawa na ang estado ng isang wika ay nakakawing sa samot-saring nagkakalakip-lakip na mga salik. Sa ganitong pamamaraan ay naipapakita na ang kinasanayang ituring na maliliit na bagay, gaya ng hindi paggamit ng wika sa radyo o telebisyon, ay maaaring indikasyon ng panganganib ng isang wika.

Bukod sa pagkilala na hindi lámang iisang salik ang nagdidikta sa sigla ng isang wika, isa sa pinakamalalaking kainaman ng LVE ay ang pagsasaalang-alang nito sa bigat ng pananaw pangwika. Sa LVE, napapansin ang papel ng mga ideolohiya at pananaw pangwika ng mga nagsasalita, ng buong komunidad pangwika, at ng mga nakapangyayaring puwersa sa kung ang isang wika ay patúloy na gagamitin at ipapása ng mga miyembro ng komunidad.

Sa kabiláng dáko, pangunahing bentahe ng EGIDS ang likás na pagiging payak ng sistemang sinusunod sa lápit na ito. Sa paggamit ng EGIDS sa pagtatása sa sigla ng wika, hindi rekisito ang pagsasagawa ng aktuwal na fieldwork o pakikipanayam sa mga miyembro ng pinag-aaralang wika. Ang mga impormasyong kinakailangan para matása ang antas ng sigla o panganganib ng wika gámit ang EGIDS ay maaaring hanguin mula sa mga naunang pag-aaral o mga sekondaryang batis ng impormasyon. Bunga nito, madaling nagagamit ang eskala sa pagtatáya sa kalagayan ng isang wika. Isa ito sa

mga dahilan kung bakit ang Ethnologue--isang website na pagmamay-ari ng Summer Institute of Linguistics--ay nakapaglalathala ng mga impormasyon tungkol sa sitwasyon ng halos lahat ng mga wika sa daigdig.<sup>5</sup>

Kung titimbangin, masasabing may mga konteksto kung saan ang LVE ay mas mainam na gamitin at sa kaparehong paraan ay may mga pagkakataong ang EGIDS ang mas angkop na lápit. Ang LVE, sa isang banda, ay mas mainam na gamitin kung ang layon ay isang ebalwasyong mula sa pagsilip sa iba't ibang salik. Naaangkop din ito sa pagtukoy kung ano-anong mga aspekto ang nangangailangan ng kagyat na pagtugon at alin ang hindi. Sa kabiláng banda, dahil sa pagiging payak ng sistemang ito at sa bílang na salik na isinasaalang-alang dito, ang EGIDS ay mas magagamit kung nangangailangan ng isang pauna o mabilisang pagtatáya sa estado ng isang wika.

### 4.2. Mga Kritisimo sa LVE at EGIDS

Sa kabila ng mga mapapansing kainaman ng LVE at EGIDS at bagama't matagal nang ginagamit ang mga ito sa pagtatása sa iba't ibang wika sa daigdig, lantad ang ilang kakulangan at suliranin sa paggamit sa mga naturang sistema, na siyang dahilan kung bakit mahirap gamitin ang dalawang lápit para sa malalimang ebalwasyon sa sitwasyon ng mga komunidad pangwika sa Pilipinas.

Halimbawa, ang paggamit sa LVE sa konteksto ng Pilipinas--bagaman nagreresulta sa pagbibigay ng analisis sa samot-saring salik na maaaring nakaapekto sa estado ng mga wika sa bansa--ay nahaharap sa iba't ibang limitasyon. Una, binibigyang-diin ng mga lumikha ng LVE na ang mga salik, bagaman magkakaiba, ay hindi dapat na gamitin nang hiwalay sa bawat isa at ang panganganib sa isang salik ay hindi nangangahulugan ng panganganib ng wika sa kabuuan. Mainam ang katangiang ito ng modelo sapagkat naipakikita nito na ang sigla at panganganib ng isang wika ay hindi lámang bunga ng pagliit ng populasyon o ng pagpapalit ng wika bagkus ay binubuo at hinuhulma ito ng iba't ibang salik. Sa kabila nito, hindi nagkakaroon ng linaw kung ano ang pangkalahatang estado ng wika. Gayundin, ang ilan sa mga tinukoy

<sup>5</sup> Ayon sa inilabas na datos ng Ethnologue para sa taóng 2023, 25 sa 175 na katutubong wika sa Pilipinas ang nása *institutional* na antas, 33 ang *vigorous*, 37 ang *in trouble*, at 11 ang *dying*.



na salik ay hindi naaangkop sa lahat ng mga komunidad pangwika sa daigdig, gaya ng mga komunidad sa Pilipinas. Isa sa mga salik na ito ay ang dami at kalidad ng dokumentasyon. Sa isang bansang mayaman sa wika ngunit iilan lámang ang mga mananaliksik at limitado ang pondo para sa pagsasagawa ng mga pag-aaral at dokumentasyon sa mga wika, isang mapait na realidad ang kawalan ng dokumentasyon. Gayunman, hindi nito tuwirang naaapektuhan ang paggamit ng wika, maging ang panloob na kaayusan sa loob ng mga komunidad pangwika. Sa katunayan, may mga miyembro ng mga komunidad pangwika sa bansa na hindi nais na magkaroon ng dokumentasyon ang kanilang wika o hindi kayâ ay hindi nais na maipaalam sa mga tagalabas kung ano-ano ang mga katangian ng kanilang wika at kung paano ito ginagamit.<sup>4</sup> Kalimitang nagmumula ang ganitong mga pasiya at pananaw tungkol sa dokumentasyon sa pangambang ang ganitong mga gawain ay maaaring magdulot ng kapahamakan sa kanilang komunidad at malantad sa mga tagalabas ang kanilang mga pinangangalagaang lihim at kaalaman.

Bukod sa ikasiyam na salik na dami at kalidad ng dokumentasyon, mahirap ding gamiting sukatán ng sigla ng mga wika sa Pilipinas ang proporsiyon ng mga nagsasalitagapagsalita sa kabuuan ng populasyon at sa ilang pagkakataon ay maging ang mismong kabuuang bílang ng mga nagsasalitagapagsalita. Hindi ito akmang gamitin hindi dahil sa mali ito o wala itong kaugnayan sa sigla ng wika. Mahirap itong gamitin sa mga wika sa Pilipinas dahil sa kawalan ng akses sa ganitong uri ng datos. Kahit ang Pangasiwaan ng Estadistika ng Pilipinas o Philippine Statistics Authority (PSA) na inaasahang may akses sa mahahalagang estadistikong datos tungkol sa bansa ay walang tiyak na impormasyon tungkol sa dami ng mga nagsasalitagapagsalita ng bawat wika sa bansa. Ang pinakahuling datos lámang na hawak ng PSA tungkol sa bílang ng mga nagsasalitagapagsalita ng mga katutubong wika sa bansa ay ang nakalap sa pamamagitan ng pagtatanong ng *What is the language/dialect*

*generally spoken at home by the members of this household?* sa isinagawang pambansang sensus noong 2020.<sup>5</sup> Malinaw na ang datos na nakalap gamit ang naturang tanong ay hindi maituturing na tiyak na kumakatawan sa aktuwal na populasyon ng mga nagsasalita ng isang wika gawa ng ang konstruksiyon ng mismong tanong ay hindi malinaw. Hindi tukoy mula sa tanong kung ang hinihingi ay ang pangalan ng wika o ng diyalekto. Hindi rin makukuha mula sa mga datos na gáling sa tanong ang bahagdan ng nagsasalita sa loob ng isang tiyak na komunidad.

Hindi natatapos ang suliranin sa uri ng datos na mayroon ang PSA. Kahina-hinala rin ang mga impormasyong pangwikang mababása sa mga ulat kaugnay ng sensus. Halimbawa, ayon sa ulat na inilabas ng PSA tungkol sa pinakahuling sensus na isinagawa noong 2020, ang Bisaya/Binisaya, na sinasalita sa 4,214,122 sambahayan o 16.0% ng kabuuang bílang ng sambahayan sa bansa, ang pangalawang wikang pinakaginagamit sa mga sambahayan sa bansa (Mapa). Problematiko ang impormasyong ito sapagkat sa kaparehong listahan ay makikita rin ang wikang Cebuano, na sinasalita sa 1,716,080 sambahayan, ay nása panlimang puwesto. Agad na mapapansin ng mga eksperto sa mga wika sa Pilipinas at ng mga nagsasalitagapagsalita ng mga wika sa Kabisayaan ang problema sa ulat na ito: Ano ang kaibahan ng Cebuano sa Bisaya/Binisaya at ano-anong mga wika ang tinutukoy na Bisaya/Binisaya sa datos ng PSA? Hindi lámang sa Cebuano at Binisaya makikita ang ganitong usapin. May iba pang mga wikang inilista bílang magkahiwalay na aytem sa ulat (e.g., Abelling/Aberling at Aeta/Ayta-Abelling/Abellen). Ang kalituhang ito ang siya ring dahilan kung bakit 240+ na mga wika ang iniulat ng PSA na ginagamit sa bansa gayong ang numerong naitala ng mga institusyon gaya ng Summer Institute of Linguistics at Komisyon sa Wikang Filipino ay naglalaro lámang sa 130 hanggang 187.

Gaya ng nabanggit sa naunang sub-seksiyon, isa sa mga kainaman ng LVE ay ang pagsasaalang-alang nito sa pananaw pangwika

<sup>4</sup> Ang ganitong mga pananaw patungkol sa dokumentasyon at pananaliksik ay karaniwang maoobserbahan sa maliliit at nakahiwalay na komunidad.

<sup>5</sup> Bagama't ang pinakahuling datos lámang na mayroon ang PSA tungkol sa mga katutubong wika sa Pilipinas ay ang sagot sa tanong na *What is the language/dialect generally spoken at home by the members of this household?*, sa mga nakaraang sensus ay nakalap din ang ahensya ng iba pang impormasyong may kinalaman sa mga wikang ginagamit ng mga Filipino (e.g., kakayahang gumamit ng Ingles mula sa sensus noong 1980 at 2000; kakayahang gumamit ng Filipino mula sa sensus noong 1980, 1990, at 2000).

ng mga miyembro ng komunidad. Gayunman, walang nailatag na pamamaraan ang UNESCO sa kung paano masusing matatása ang pananaw pangwika. Gaya ng sa iba pang mga salik, tanging sa kaalaman lámang ng ekspertong nagsasagawa ng pagtatása nakasalalay ang pagtatáyang magagawa tungkol sa pananaw pangwika ng mga miyembro ng komunidad. Samakatwid, hindi masasabing epektibong naisasaalang-alang sa LVE ang pananaw pangwika bílang isa sa mga susing salik na nagdidikta sa sigla ng isang wika.

Sa kabilâng dáko, ang EGIDS, na maituturing na may angking kapakinabangan dahil sa madali itong gamitin sa paglalarawan sa estado ng isang wika, ay hindi rin masasabing epektibo sa pagbibigay ng paglalarawang tunay na sumasalamin sa kasalukuyang sitwasyon ng isang wika. Sa katunayan, dahil hindi kinakailangan ng fieldwork upang magamit ang EGIDS sa pagtatása ng sigla ng wika, ilan sa mga inilalabas na pagtatása ng Summer of Institute of Linguistics sa Ethnologue ay nakabatay sa mga pag-aaral na ilang dekada na ang nakararaan (e.g., impormasyon tungkol sa Ayta Ambala at Sambal Botolan).<sup>6</sup>

Mangyari pa, kung paghahambingin ang mga pagtatásang bunga ng fieldwork (e.g., pag-aaral ni Quakenbush sa Agutaynen, pananaliksik ni Tajolosa sa tatlong komunidad ng mga Batak) at ang mga pagtatásang nakaangkla sa mga sekondaryang batis (e.g., karamihan sa mga impormasyon sa Ethnologue), agad na masisipat ang kaibahan sa lalim ng mga ito. Matutukoy na ang mga pagtatásang nakaangkla sa mga datos mula sa aktuwal na pakikipag-usap sa mga miyembro ng pinag-aaralang komunidad pangwika ay kakikitahan ng pagiging malalim at komprehensibo, samantalang ang mga pagtatásang nakatuntong lámang sa mga sekondaryang batis ay tila mababaw at hiwalay na hiwalay sa wikang pinatutungkulan nito.

Bukod sa panganib ng paglalabas ng hindi realistikong pagtatása, hindi rin naikokonsidera sa paggamit ng EGIDS ang ilang mahahalagang salik. Isa sa mga salik na ito ay ang pananaw at ideolohiyang pangwika ng mga

nagsasalitatagapagsalita, na kung tutuusin ay siyang ugat ng pagpapása o di-pagpapása ng wika sa mga susunod na salinlahi. Mahalaga ring maisaalang-alang ang mga pananaw pangwika sapagkat ito ang sumasagot sa mga usapin tulad ng limitadong paggamit sa wika at kakulangan ng institusyonal na suporta. Kakabit din ng hindi pagsasaalang-alang sa pananaw pangwika ng mga nagsasalita ang panganib na maisantabi ang mga ideolohiyang nakakintal nang malalim sa kolektibong kalinangan ng komunidad pangwika. Matagal nang napatunayan sa mga pananaliksik (e.g., Bordieu, Stanford) na ang pagpapanatili o pagtigil ng isang tao sa paggamit ng kanyang wika o diyalekto ay maaaring may kaugnayan sa kultura at kolektibong ideolohiya ng komunidad kung saan siya nagmula. Pinagtitibay ng ganitong uri ng mga saliksik ang pangangailangang marinig ang mga idea o sensibilidad ng mga nagsasalita tungkol sa kanilang wika at diyalekto at sa paggamit nila sa mga ito upang makabuo ng isang komprehensibong pagtatása at pag-unawa sa estado ng isang wika o diyalekto, na siya namang instrumental sa pagkatha ng mga programang makatutulong upang mapasigla at mapag-ibayo ang paggamit sa isang wika.

## 5. PAGLALAGOM

Sentro ng naging takbo ng papel na ito ang pagtalakay sa mga aspekto ng diskurso sa panganganib pangwika sa Pilipinas na madalas na isinasantabi at hindi pinag-uusapan—ang sistema ng mga pinagkakatiwalaang lápit na pinakamadalas gamitin sa pagtatása sa sigla ng mga wika sa bansa. Dalawang lápit ang pokus sa pananaliksik. Unang hinimay ang Language Vitality and Endangerment o Nine Factors ng UNESCO. Inilatag ang siyam na salik na para sa Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages ng UNESCO ay mahalaga sa pagtatása sa estado ng isang wika. Sunod namang siniyasat ang Expanded Graded Intergenerational Disruption Scale (EGIDS) na binuo nina Gary

<sup>6</sup> Bagama't masasabing hindi na saklaw o kontrolado ng EGIDS ang pasiya ng mga gumagamit nito hinggil sa kung anong uri ng datos ang gagamitin at sasangunihin para sa pagtatása, hindi masasabing ang paggamit ng sekondaryang batis ay maituturing na ganap na hiwalay sa EGIDS bílang isang lápit. Ito ay sapagkat hindi tahasang isinusulong ng mga bumalangkas sa lápit na ito ang pangangailangang siyasatin ang aktuwal na danas ng mga komunidad pangwika. Mangyari pa, ang mga modelo at halimbawang pagtatásang nagsisilbing mukha ng EGIDS ay pawang nakatuntong sa mga sekondaryang impormasyon.

F. Simons at M. Paul Lewis. Mula sa pagtalakay sa kabuuan ng balangkas ng EGIDS--ang nilalaman ng mismong eskala at ang *decision tree* na ginagamit upang matukoy ang tiyak na antas ng isang wika sa eskala--ay naipakita ang mga aspekto ng paggamit ng wika na naging tuon ng lápit. Sa ginawang pagsiyasat sa LVE at EGIDS, natuklasang ang dalawang lápit ay kakikitahan ng mga kainaman--kainamang dahilan kung bakit may mga konteksto kung saan akma ang paggamit sa mga ito. Gayunman, kapuna-puna ring kahina-hinala ang kaangkupan ng naturang mga lápit sa pagbibigay ng komprehensibong tása sa sigla ng mga wika sa Pilipinas.

Sa kabila ng mga nailatag na kritisismo, hindi itinatanggí ng papel ang napakalaking ambag ng LVE at EGIDS sa pagmulat sa marami tungkol sa nakababahalang estado ng maraming wika sa Pilipinas. Sa mga susunod na mga pananaliksik ay mainam nga rin kung ang mga pagtatásang gumagamit ng LVE at EGIDS ay mapagtuunan ng mas malalimang pagsiyasat nang sa gayon ay lubos na masuri kung sa ano-anong mga konteksto akmang gamitin ang mga ito at kung ano-anong mga rebisyon ang maimumungkahing gawin.

Hangad ng papel na ito na ang bawat pagtatásang ginagamitan ng LVE at EGIDS ay unawain at tanggapin ng mga mambabasa nang may ganap na pagkaunawa sa buong sistema ng dalawang lápit at nang hindi inihihwalay sa kontekstong kinaiiralan ng wika sapagkat ang mga ito ay ilan sa pinakamahahalagang bagay na humuhubog sa ating pagdidiskurso sa usapin ng panganganib pangwika. Higit sa anupaman, mithiin ng akdang ito na makatulong na matugunan ang napakalaking pangangailangan para sa isang lápit sa pagtatása na matapat na makasusuri sa natatangi at masalimuot na sitwasyon ng mga wika, diyalekto, at komunidad pangwika sa Pilipinas. ♦

## MGA SANGGUNIAN

Bourdieu, Pierre. *Language and Symbolic Power*. Edited by John Thompson, Translated by Gino Raymond and Matthew Adamson, Polity Press, 1991.

Cenoz, Jasone. "Research on Multilingual Acquisition." *English in Europe: The Acquisition of a Third Language Bilingual Education and Bilingualism*, edited by Jasone Cenoz and Ulrike Jessner, 2000, pp. 39–53.

Eberhard, David M., Gary F. Simons, and Charles D. Fennig, eds. "Philippines." *Ethnologue: Languages of the World*, 2023, www.ethnologue.com/country/PH/. Accessed 30 Aug. 2023.

Fishman, Joshua A. *Reversing Language Shift: Theoretical and Empirical Foundations of Assistance to Threatened Languages*. Multilingual Matters Ltd, 1991.

Hammarberg, Björn. "Problems in Defining the Concepts of L1, L2 and L3". *Teaching and Learning in Multilingual Contexts: Sociolinguistic and Educational Perspectives*, edited by Agnieszka Otwinowska and Gessica De Angelis, Bristol, Blue Ridge Summit: Multilingual Matters, 2014, pp. 3-18. <https://doi.org/10.21832/9781783091263-003>

Headland, Thomas N. "Thirty Endangered Languages in the Philippines." *Workpapers of the Summer Institute of Linguistics, University of North Dakota*, vol. 47, no.1, 2003, doi.org/10.31556/silwp.vol47.01.

Lewis, M. Paul, and Gary F Simons. "Assessing Endangerment: Expanding Fishman's GIDS." *Revue Roumaine de Linguistique*, vol. 2, 2010, pp. 103–120.

Mapa, Dennis. "Tagalog Is the Most Widely Spoken Language at Home." *Philippine Statistics Authority*, 7 Mar. 2023, psa.gov.ph/content/tagalog-most-widely-spoken-language-home-2020-census-population-and-housing. Accessed 30 Aug. 2023.

- Minasyan, Anahit. UNESCO, 2011, pp. 1–15, *UNESCO’s Language Vitality and Endangerment Methodological Guideline: Review of Application and Feedback since 2003*.
- Mufwene, Salikoko S. “Language Vitality: The Weak Theoretical Underpinnings of What Can Be an Exciting Research Area.” *Language*, vol. 93, no. 4, Dec. 2017, pp. e202–23. <https://doi.org/10.1353/lan.2017.0065>.
- Quakenbush, J. Stephen. *Tracking Agutaynen Language Vitality*. Manila, Philippines, SIL Philippines, 2011.
- Stanford, James N. “Eating the Food of Our Place’: Sociolinguistic Loyalties in Multidialectal Sui Villages.” *Language in Society*, vol. 38, no. 3, June 2009, pp. 287–309. <https://doi.org/10.1017/S0047404509090502>.
- Tajolosa, Teresita. “Predicting the Ethnolinguistic Vitality of an Endangered Philippine Language: The Case of Three Batak Communities in Palawan.” *Language Documentation and Cultural Practices in the Austronesian World: Papers From 12-ICAL*, edited by I Wayan Arka et al., vol. 4, Asia-Pacific Linguistics, 2015, <hdl.handle.net/1885/13514>.
- UNESCO Ad hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. UNESCO, 2003.
- “UNESCO Survey: Linguistic Vitality and Diversity.” UNESCO, 2006.



Si NOAH CRUZ ay miyembro ng kaguruan ng UP Departamento ng Linggwistiks, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya. Siya ay nagtapos ng BA Linggwistiks at kasalukuyang kumukuha ng MA Linggwistiks sa parehong institusyon. Nagsasagawa siya ng mga pananaliksik na may kaugnayan sa ponolohiya, etnolinggwistiks, sosyolinggwistiks, at sigla at panganganib ng mga wika at diyalekto sa Pilipinas.